



PATNUBAY SA MISA



19 Disyembre 2018

SIMBANG GABI – Ikaapat na Araw

Taon K

Ang Balak na Matutupad kahit di Pinaniniwalaan

Ngayon ang ating Ikaapat na Simbang Gabi. Inilalahad sa atin ang pagbabalita ng pagsilang ni San Juan Bautista. Siya ang “sumisigaw sa ilang: Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang kanyang mga landas!” (Lucas 3:4) Ngunit ang magandang balita ng kanyang pagsilang ay hindi pinaniwalaan ng kanyang Amang si Zacarias. Bakit nga ba kahit maganda ang balita ay mahirap tanggapin? Sana’y matulungan tayo ng pagdiriwang na ito ng Banal na Eukaristiya upang maging bukas ang kalooban sa balak ng Diyos para sa atin.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang paririto’y darating, hindi siya mabibimbin. Ang pangamba’y matitigil sapagkat makakapiling ang Tagapagligtas natin.

Pagbati

P–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Amang nagbalak ng ating kaligtasan, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P –Paghandaan natin ang pagdiriwang na ito sa pamamagitan ng pagsisisi sa ating mga di pagtupad sa mga nais ng Diyos. (Manahimik sandali.)

P–Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong

mga pangako para sa aming kaligtasan, Panginoon, kaawaan mo kami.

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kakulangan ng pag-asa sa iyong kakayahang magawa ang iyong mga ipinangako, Kristo, kaawaan mo kami.

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa kahinaan ng aming pag-ibig para sa iyo at sa aming mga kapwa-taong umaasa sa amin, Panginoon, kaawaan mo kami.

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbu-

bunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, minarapat mong mahayag ang iyong kadakilaan sa pagsisilang ng Mahal na Birhen para sa sanlibutan. Ang dakilang misteryong ito ng pagkakatawang-tao ng Anak mo ay mapag-ukulan

nawa namin ng lubos na pananalig at maipagdiwang namin nang may di magmamaliw na pag-ibig sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Huk 13:2-7. 24-25

Ang aklat ng mga Hukom ay naglalahad ng mga pangyayari sa Bayan ng Israel pagkatapos ni Josue at bago magkaroon ng mga Hari. Nakatuon ang ating sipi sa pagsilang ng pinakakilala sa mga Hukom – si Samson. Ang kanyang kakaibang lakas ay dahil sa kanyang pagkakatalaga sa Diyos mula pa noong siya ay ipinaglihi.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ng mga Hukom

Noong mga araw na iyon, sa bayan ng Zora ay may isang lalaking Manoa ang pangalan, kabilang sa lipi ni Dan. Ang asawa niya ay hindi magkaanak. Minsan, napakita sa babae ang anghel ng Panginoon, at sinabi, “Hanggang ngayong wala kang anak. Ngunit hindi magtatagal, maglilihi ka at manganganak. Mula ngayon ay huwag kang iinom ng anumang uri ng alak ni titikim ng anumang bawal na pagkain. Kung maipanganak mo na siya, huwag mong papuputulan ng buhok pagka’t mula pa sa kanyang pagsilang ay itatalaga na siya sa Diyos. Siya ang magsisimulang magligtas sa Israel mula sa mga Filisteo.”

Ang babae’y lumapit sa kanyang asawa at kanyang sinabi, “Napakita sa akin ang isang propeta ng Diyos, parang anghel. Kinikilabutan ako! Hindi ko tinanong kung tagasaan siya at hindi naman niya sinabi kung sino siya. Huwag daw akong iinom ng alak ni titikim ng anumang bawal na pagkain pagka’t ang sanggol na isisilang ko’y itatalaga sa Diyos.”

Dumating ang araw at nanganak ang asawa ni Manoa. Lalaki ang sanggol at pinangalanan nilang Samson. Lumaki ang bata na patuloy na pinagpapala ng Panginoon. Ang Espiritu ng Panginoon ay lumukob kay Samson.

Ang Salita ng Diyos!

B– Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 70

B–Lagi kong papupurihan ang iyong kapangyarihan!

R. M. Velez



* Ikaw nawa ang muog ko at ligtas na kakanlungan, matatag na kublihan ko at matibay na sanggalang. Sa lahat ng masasama, O Diyos, ako’y ipaglaban. **B.**

* Panginoon, sa iyo ko inilagak ang pag-asa, maliit pang bata ako, sa iyo’y may tiwala na; sa simula at mula pa wala akong inasahang mag-iingat sa sarili, kundi tanging ikaw lamang. **B.**

* Pagkat ikaw, Panginoon, ay malakas at dakila, ang taglay mong katangia’y ihahayag ko sa madla. Sapul pa sa pagkabata ako’y iyong tinuruan, hanggang ngayong sinasambit ang gawa mong hinangaan. **B.**

Aleluya

B–Aleluya! Aleluya!

Sanga kang ugat ni Jesse,
taga-akay ng marami,
halina’t tubusin kami.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 1:5-25

Ang Ebanghelyo ni Lucas ay natatapos sa Jerusalem at sa Jerusalem din naman nagsisimula. Isinasalaysay ng ating sipi ang simulang ito noong ibinalita ng Arkanghel Gabriel kay Zacarias ang pagsilang ni San Juan Bautista. Ang di pagtanggap ng kanyang ama sa magandang balitang ito ay pinarusahan ng Poong Maykapal.

P–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas B– Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong si Herodes ang hari ng Judea, may isang saserdote na ang ngala’y Zacarias, sa pangkat ni Abias. At mula rin sa lipi ni Aaron ang kanyang asawang si Elisabet. Kapwa sila kalugud-lugod sa paningin ng Diyos, namumuhay nang ayon sa mga utos at tuntuning mula sa Panginoon. Wala silang anak sapagkat baog si

Elisabet, at sila’y matanda na.

Ang pangkat ni Zacarias ang nanunungkulan noon, at siya’y naglilingkod sa harapan ng Diyos bilang saserdote. Nang sila’y magsapalaran, ayon sa kaugalian ng mga saserdote, siya ang nahirang na maghandog ng kamanyang. Kaya’t pumasok siya sa templo ng Panginoon sa oras ng pagsusunog ng kamanyang, samantalang nagkakatipon sa labas ang mga tao at nananalangin. Walang anu-ano’y napakita sa kanya ang isang anghel ng Panginoon, nakatayo sa gawing kanan ng dambanang sunugan ng kamanyang. Nagulat si Zacarias at sinidlan ng matinding takot nang makita ang anghel. Ngunit sinabi nito sa kanya, “Huwag kang matakot, Zacarias! Dininig ng Diyos ang panalangin mo. Kayo ni Elisabet ay magkakaanak ng isang lalaki, at Juan ang ipangangalan mo sa kanya. Ikaw ay matutuwa at magiging maligaya, at marami ang magagalak sa kanyang pagsilang sapagkat siya’y magiging dakila sa paningin ng Panginoon. Hindi siya iinom ng alak o anumang inuming nakalalasing. Sa sinapupunan pa lamang ng kanyang ina, mapupuspos na siya ng Espiritu Santo. Marami sa mga anak ng Israel ang panunumbalikin niya sa kanilang Panginoong Diyos. Mauuna siya sa Panginoon, taglay ang espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang pagkasunduin ang mga ama at ang mga anak, at panumbalikin sa daan ng matuwid ang mga suwail. Sa gayon, ipaghahanda niya ng isang bayan ang Panginoon.”

Sinabi ni Zacarias sa anghel, “Paano ko po matitiyak na mangyayari ito? Sapagkat ako’y napakatanda na at gayon din ang aking asawa.” Sumagot ang anghel, “Ako si Gabriel na naglilingkod sa harapan ng Diyos. Sinugo ako upang ihatid sa iyo ang mabuting balitang sinabi ko na sa iyo. At ngayon, mabibingi ka’t hindi makapagsasalita hanggang sa araw na maganap ang mga bagay na ito, sapagkat hindi ka naniwala sa mga sinabi ko na matutupad pagdating ng takdang panahon.”

Samantala, naghihintay naman kay Zacarias ang mga tao. Nagtaka sila kung bakit nagtagal siya nang gayon sa loob ng templo. Paglabas niya ay hindi na siya makapagsalita, mga senyas na lamang ang ginagamit niya; kaya natanto nila na nakakita siya ng pangitain. At siya’y nanatiling pipi.

Nang matapos ang panahon ng kanyang paglilingkod ay umuwi na siya. Hindi nga nagtagal at naglihi si

Elisabet, at hindi ito umalis ng bahay sa loob ng limang buwan. "Ngayo'y nilingap ako ng Panginoon," wika ni Elisabet. "Ginawa niya ito upang alisin ang aking kadustaan sa harapan ng mga tao!"

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Panalangin ng Bayan

P – Hangad nating makatanggap ng magandang balita. Para ito ay matanggap natin nang may pananampalataya ating sambitin:

B – Diyos ng magandang balita, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang makapagdala sila sa lahat ng Magandang Balita ng kaligtasan, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay mapagyaman nila ang kanilang tiwala sa magandang balitang galing sa Poong Maykapal, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang sa lahat ng kanilang pagpupunyagi ay magdala sila ng saya galing sa magandang balita ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga taong nagdadalamhati sa kawalan ng pag-asa sa buhay, upang matanto nilang may magandang balitang dadalhin ang Diyos sa kanilang buhay, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagsisiyam na ito para sa Pasko, upang sa lahat ng ating mga pagsisikap sa buhay ay mabuksan ang ating mga kalooban sa Magandang Balita ng Poong Maykapal, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P – Ama naming puspos ng kabutihan at bukal ng kaligayahan, isugo Mo sa amin ang Iyong Banal na

Espiritu upang sa gitna ng aming mga pagsubok at kalungkutan ay lumakas ang aming tiwala sa magandang balitang matutupad sa pagdating ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon. **B** – Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, tung-hayan mo ang mga nakahain sa dambana. Itong aming abang nakayanan ay magkamit nawa ng kapupunang kabanalan na idinudulot ng iyong kapangyarihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo ng Adbiyento II

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya'y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya'y inilad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami'y nananabik at nananalanging lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P – Ito ang Panginoong Hesus na nag-aalaga sa mga pinabayaan at inalipusta. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Ang araw ng kaligtasan ay magbubukang-liwayway upang tayo'y masilayan at patnubayan sa daan ng kanyang kapayapaan.

Panalangin Pagkapakinabang

P – Ama naming mapagmahal, bilang pagtanaw ng utang-na-loob sa aming pinagsaluhan, kami ay panatilihin mong nananabik sa mga darating mong bigay upang mapaghandaan naming tanggapin nang marangal ang pagsilang ng aming Manunubos na mahal na siyang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGWAWAKAS



P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik sandali.*)

Puspusin nawa kayo ng Diyos ng paggalang at kalinga para sa matatanda.

B – Amen!

P – Tibayan Niya nawa ang inyong pananampalataya sa Kanya.

B – Amen!

P – Tulutan Niya nawa na gawin kayong maligaya sa inyong pag-asa at walang pagod sa pagmamahal sa inyong buong buhay.

B – Amen!

P – Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo upang mahalina at paglingkuran ang Panginoon.

B – Salamat sa Diyos!

Ang Kahirapang Tanggapin ang Magandang Balita ng Panginoon

Talaga namang mahirap tanggapin ang masamang balita. Ngunit kung minsan ay mahirap din tanggapin ang magandang balita. Bakit kaya nangyayari ito?

May mga taong may magagandang pangarap sa buhay. Sila ay talagang nagpunyagi upang marating ang mga pangarap na ito. Ipinagdasal nila ito nang buong sigasig sa Diyos. Subalit lumipas na ang maraming taon at hindi pa rin natutupad ang mga pangarap na ito. Kaya nabalot na ng kabiguan ang kanilang mga puso. Natanggap na nilang naunsiyami na ang kanilang mga pangarap. Wala nang makapag-aalis ng lambong na bumabalot sa kanilang buhay.

Ganito rin marahil ang nangyari kay Zacarias. Pinangarap nila ng kanyang asawang si Elisabet na magkaroon ng anak – sana’y isang lalaking maglilingkod din sa templo bilang pari. Sina Zacarias at Elisabet ay mula sa lipi ni Levi at sa angkan ni Aaron. Ngunit inabutan na sila ng katandaan at ni anino ng batang kanilang pina-pangarap ay walang dumating. Kaya tinanggap na nila ang kanilang kahihinatnang mamamatay na walang anak.

Kaya kahit ang liwanag ng magandang balitang dala ng Arkanghel Gabriel ay di kyang alisin ang lambong na nagpadilim na sa paningin ni Zacarias. Natanim na sa kanyang isip na hindi na siya magkakaanak at walang sinumang anghel o anumang pahatid ng Diyos ang makapagpapabago nito. Ang hindi niya paniniwala ay nakaugat sa kanyang natuyong pag-asa sa katuparan ng kanyang pangarap.

Ang sabi nga ni Arkanghel Gabriel kay Maria: “walang hindi mapangyayari ang Diyos” (Lucas

1:37). Kung minsan nga lamang ay mabagal kumilos ang Diyos. Tayong mga tao ay nagmamadali dahil may taning ang ating buhay. Ang sabi nga ng Salmo 90: “*Buhay nami’y umaabot ng pitumpung taong singkad, minsan nama’y umaabot ng walumpu, kung malakas*” (v. 10). Dahil sa kapos tayo sa oras ay naiinip tayo kapag hindi natin kaagad nakakamit ang ating mga nais. Subalit hindi ganyan ang Diyos! Sabi nga ng Salmo 90: “*Ang sanlibong mga taon ay para bang isang araw, sa mata mo, Panginoon, isang kisap-mata lamang; isang saglit sa magdamag na ito ay dumaraan*” (v. 4). Ang Diyos ay di papanaw kailanman. Kaya niyang maghintay nang matagal. Kaya naantala man ang pagtugon ng Diyos sa ating mga panalangin ay hindi dapat isuko ang ating mga pangarap. Isinuko na ni Zacarias ang kanyang pangarap na magkaanak kaya hindi na niya mapaniwalaan ang pahatid ng Diyos sa pamamagitan ni Arkanghel Gabriel.

Hindi man ibigay ng Diyos ang ating hinihingi ay tiyak na ibibigay niya ang ating kinakailangan – at ito madalas ay lingid sa ating kaalaman. Sinasabi ngang may tatlong dahilan kung bakit di natin nakakamit ang ating hinihingi sa Diyos: (1) *mali*; (2) *male*; (3) *mala*. Itong tatlong salitang Latin ay nangangahulugan ng ganito. *Mali* ay pang-uri na ang ibig sabihin ay hindi ibinibigay sa atin ng Diyos ang ating hinihingi dahil tayo ay masama (*mali*). *Male* ay pang-abay na ang kahulugan ay hindi ipinagkakaloob ng Diyos ang ating ipinagdarasal dahil ang ating paraan ng paghingi ay masama (*male*). *Mala* ay pangngalan at ang kahulugan nito ay hindi natin nakukuha ang ating hinahanap sa Diyos sapagkat ang ating hinahanap ay masama o hindi makabubuti sa atin (*mala*).



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguió

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco and T. Mojica • Circulation: R. Saldúa